Philippine Biblical Worldview Institute

Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

Revised April 11, 2022

ST102 Word Revelation, 2 of 2

Pagpapahayag ng Diyos Through His Word

3. Through The Bible

Ang Bibliya ang tumitestigo para sa kanyang sarili na ang kanyang nilalaman ay katotohanan. Wala nang mas makapangyarihan pa ang makakapagpatunay na ang Bibliya ay katotohanan maliban sa Bibliya na rin. Wala nang mas marunong pa ang makakapagpatunay na ang Bibliya ay nagmula sa isip ng Diyos kundi ang Bibliya na rin.

Sinasabi sa 2 Timothy 3:16-17 na ang Bibliya ay *inspired by God, mula sa hininga ng Diyos,* at kapaki-pakinabang sa pagtuturo, sa pagsasaway, sa pagtatama, at sa pagsasanay ng katuwiran upang ang tao ng Diyos ay ganap na makasangkapanan para sa mabubuting gawang inilaan sa kanya ayon sa plano ng Diyos para sa kanyang buhay.

Dahil sa ang Bibliya ay nagmula sa hininga ng Diyos, ito ay may buhay kaya kagamit-gamit sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Ang Bibliya ay ang aklat para sa lahat nang sa ganoon ay matutuhan natin ang tungkol sa Diyos, ang Kanyang mga katangian, kalooban, mga layunin at mga plano.

Sa 2 Peter 1:20-21 ito naman ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa kanyang sarili: *Higit sa lahat, kailangan mong maunawaan na walang propesiya ng Scriptura na galing lamang sa interpretasyon ng propeta. Sapagkat walang propesiya na nagmula lamang sa kalooban ng tao, kundi mga taong tagapagsalita ng Diyos habang sila ay akay ng Banal na Espiritu.* Dahil sa divine supervision na ito, masasabi na ang Bibliya ay *inerrant*, walang pagkakamali, sa pagkakasulat (bagamat may mga tinatawag na variants o pagkakaiba sa original autographs dahil sa pagcocopya through generations of preservation at ang mga ito ay hindi sapat upang mabago ang kahulugan ng sinasabi ng Scriptura sa kanyang kabuuan) at *infallible*, hindi nagkakamali pagdating sa katotohanang taglay nito para sa pananampalataya at pamumuhay.

Mahalaga na maunawaan natin na ang Bibliya ay salita ng Diyos na isinulat Niya sa pamamagitan ng mga propeta at mga apostol. Isinulat ang Bibliya ng mga 40 different writers sa loob ng 1,500 taon under the strict supervision of the Holy Spirit. Ibig sabihin, yung hininga ng Diyos na Kanyang salita ay isinulat ng taong kinasangkapan ng Diyos. Kaya matutunghayan natin na taglay ng Bibliya ang iba't ibang uri ng literatura at iba't ibang style ng pagsusulat.

Ang sabi pa sa Hebrews 4:12 ay ito: Ang Bibliya ay *buhay at actibo, mas matalas pa sa double-edged sword. Ito ay nanunuot sa pag-itan ng ating mga kaso-kasuan; kahit ang kaibuturan ng ating puso't kaluluwa ay nape-penetrate ng salita ng Diyos.* Ganoon siya kaaktibo. At sabi pa, it judges the thoughts and attitudes of the heart. Kasi tayo, napaglalalangan natin maski ang ating sarili. Kaya kailangan natin ang Bibliya upang mahusgahan nito ang mga palusot at pandaraya ng ating puso.

Sinasang-ayunan naman ng Jeremiah 23:29 ang tindi at lakas ng salita ng Diyos: '*Hindi ba ang Aking salita ay tulad ng apoy,'* ang sabi ng LORD, '*at tulad ng martilyo na dumudurog ng bato?*' Walang karumihan na di kayang tunawin ng salita ng Diyos, walang sobrang tigas ng ulo o puso na hindi Niya kayang palambutin at walang paniniwalang mali na hindi nito kayang tibagin.

Sinasabi naman sa Psalm 119:89 na ang salita ng Diyos ay eternal; ito ay matatag na nakatindig sa kalangitan. Ibig sabihin ang salita ng Diyos ay di pabago-bago gaya ng sa tao. At sa Psalm 119:105 naman, ang sabi ay ito: *Your word is a lamp to my feet and a light for my path*. Hindi tayo maliligaw ng landas kapag ang salita ng Diyos ang gamit nating mapa ng buhay. Ang salita ng Diyos ang makapagbibigay ng direksyon sa atin at any given moment in our life. Nararapat lamang na sa tuwing may pangangailangan na mga desisyon, ang salita ng Diyos ang dapat kinukunsulta at hindi ang payo ng kung sinu-sino lamang.

Sa John 17:17, sinabi ni Cristo sa Kanyang Ama patungkol sa mga mananampalataya na, *Ihiwalay Mo sila sa pamamagitan ng katotohanan; ang Iyong salita ay katotohanan*. Samakatuwid, ang ginagawang paghihiwalay o pagtatangi ng Diyos upang maging kakaiba ang mga mananampalataya ay ang kanilang kaalaman patungkol sa salita ng Diyos at ang pagsasapamuhay nila ng mga kautusan at gabay na taglay nito. Kaya nga hindi tayo basta naniniwala na alagad ni Cristo ang isang taong paminsan-minsan lamang gumawa ng mabuti o tama. Kailangan na makita ang mga mababuting gawa sa kanyang ordinaryong pamumumuhay, palagian. Sapagkat sinabi rin ni Cristo na Siya ang Katotohanan (John 14:6), masasabi natin na sa buhay ng taong banal makikita ang Kanyang wangis at ito ang naghihiwalay sa kanya sa karamihan.

Taglay ng buong Bible ang lahat ng pahayag ng Diyos tungkol sa Kanyang kalikasan at mga katangian, tungkol sa Kanyang mga layunin at kalooban para sa tao at sa mundo at tungkol sa kung ano ang Kanyang kinasisiyahan.

Multiple Choice

1. Ang Bibliya ay
   a. Inerrant at fallible
   b. Inerrant at hindi nagkakamali sa katotohanang taglay nito
   c. Infallible at Errant

2. Ayon sa 2 Timothy 3:16-17, ang Bibliya ay kapaki-pakinabang sa
   a. Pagtuturo, pagtatama at pagsasanay
   b. Pagtuturo, pagsasaway, pagtatama at pagsasanay
   c. Pagtuturo, pagsusuway, pagtatama at pagsasanay

3. Dahil sa ang Bibliya ay nagmula sa hininga ng Diyos, ito ay may buhay kaya kagamit-gamit ito _____.
   a. Kapag kinakailangan at sa oras ng kagipitan
   b. Sa ating pang-araw-araw na pamumuhay
   c. Tuwing pupunta ng simbahan at may gawain lamang

4. Alin sa mga sumusunod ang walang katotohanan patungkol sa Bibliya?
   a. Ang Bibliya ang tumitestigo sa kanyang sarili na ang kanyang nilalaman ay katotohanan.

b. Ang Bibliya ay derechong nagmula sa hininga ng DIyos at ito ay may buhay.
c. Ang Bibliya ay naisulat mula sa kaisipan lamang ng mga tao.

5. Para kanino ang Bibliya?
   a. Para sa lahat para matutuhan ang tungkol sa Diyos, Kanyang mga katangian at kalooban.
   b. Para sa mga pinili ng Diyos upang makilala nila ang Diyos.
   c. Para sa mga nais magbasa tungkol sa kasaysayan ng sangsinukob.

6. Alin sa mga pangungusap ang mali ayon sa 2 Peter 1: 20-21?
   a. Ang propesiya sa Scriptura ay galing lamang sa interpretasyon ng propeta
   b. Walang propesiya nagmula lamang sa kalooban ng tao
   c. Ang propesiya ay nagmula sa mga taong tagapagsalita ng Diyos

7. Ang Bibliya ay salita ng Diyos na isinulat sa pamamagitan ng
   a. Mga escriba
   b. Mga propeta at mga apostol
   c. Mga pariseo

8. Ayon sa Hebrews 4:12, bakit buhay at aktibo ang Bibliya?
   a. Sapagkat ito ay isinulat ng mga taong kinasihan ng Banal na Espiritu
   b. Sapagkat ito ay nanunuot sa ating mga kasu-kasuan at tumatagos sa ating puso't kaluluwa
   c. Sapagkat pinapa-guilty tayo kapag ito ay ating binasa

9. Sa Psalm 119:105, bakit masasabi natin na tayo ay hindi maliligaw kung nagbabasa tayo ng Bibliya?
   a. Sapagkat iniilawan nito ang ating mga hakbangin sa buhay
   b. Sapagkat tayo ay may sariling isip at decision
   c. Sapagkat ay may mga desires kung saan natin nais magtungo

10. Ang salita ng Diyos ang naghihiwalay sa mga mananampalataya at ito ay nakikita sa kanilang
    a. Panlabas na anyo
    b. Pamumuhay araw-araw
    c. Kaalaman sa salita ng Diyos.

© Revised April 11, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation Inc.